

Chapter 26: Vaccine Detox

Siguro naman ngayon na gising ka na ay ma-aksyunan mo na ang pagtanggap ng lason sa katawan mo.

Napakadaming paraan para matanggal ito ngunit sinasabi ng ibang eksperto na ang DNA damage ay hindi na marereverse. Sa aking pagsasaliksik naman, posible pati ang DNA repair.

Bago natin tanggalin ang lason. Alamin muna natin ang laman nito. Patawarin na natin ang ating mga sarili na hindi binasa ang nilalaman nito bago iturok sa sarili at sa mga anak natin. Isa rin ako doon noong ipinanganak si atlas.

Ang mga bakuna, kahit ang mga nauna ay nagtataglay ng mga rekado na ito:

Aluminum, mercury, formaldehyde, antibiotics, human fetal cells, GMOs, animal proteins and DNA, glyphosate and other substances that are potentially dangerous when injected (Wolters Kluwer Health, 2012)

Ngayon ang covid vaccine ay nagdagdag ng mas malalang teknolohiya, ang Graphene Oxide at mRNA

technology. Itong dalawa ang pinakamahirap na tanggalin sa katawan.

Ang graphene technology ay magandang pangako. Kaya nitong mag-store ng energy. Send out energy/electric signals. Kaya rin nito makipag “usap” sa kapwa nitong graphene oxide molecules. Dahil

sa kakayahang ito, kaya rin nitong mag-self assembly. At dahil nga kaya nitong mag-ipon ng enerhiya,

kaya rin nitong magnakaw ng enerhiya sa paligid. Kaya nitong kumuha ng negative ions(maganda sa katawan) sa ating dugo.

Kapag nakanakaw ng enerhiya ito sa blood cells, at cell walls ng ating blood vessels, mawawalan ng

charge ang mga blood cells at vessel linings. Imbis na mag-iwasan ang mga blood vessels at dumaloy ng

maayos, dahil wala na ang negative ions nito para magtaboy ng kapwa blood cell, sila ay nagtitipon tipon

nagreresulta sa mga blood clot.

Nakakapapekto ang sa ating Epigenetics ang Graphene Oxide. Dahil nga consciousness ang nagdidirekta

ng galaw ng ating mga genes, kapag ang graphene ay nagnakaw, maapektuhan ang galaw nito. Nakakababa ng frequency ang graphene oxide sa katawan. Pinapalala pa ng radiation sa paligid, lalo na

ng 5G military grade radiation technology.

Ang mRNA technology naman ay ganito. Ang “m” sa mRNA ay “messenger”. Ito ay parang

instructional

code sa loob ng ating mga cells para mabasa ng tRNA upang maging iba't ibang produkto tulad ng proteins. Ang mRNA kapag hubad lang o simpleng mRNA lang ay kayang lusawin ng ating mga asido sa

tiyan. Ang kinakain nating halaman at hayop, lahat sila may genetic material, may mRNA ngunit hindi ito

delikado dahil nilulusaw naman ng tiyan.

Ang ginawa nila, binalutan nila ng mRNA ng fat globule at nilagay sa bakuna. Upang hindi madaling masira nag mRNA ay kinakailangan nakafreezer ito. Kapag dinerecho itong nakabalot na mRNA sa ating

dugo, ang fat globule ay hindi malulusaw at dadaloy lamang sa ating dugo. Ang ating mga cell ay may

phospholipid bi-layer. Dahil nga lipids/fat ang isa sa komponent nito, madaling nakakasulot sa protein

gates o cell wall ang nakabalot na mRNA. Nakalusot sa ating defense system. Kapag nakalusot na ito,

madali ito mabasa ng tRNA at kung anon anong proteins na ang gagawin. Dahil hindi kilala ng katawan

ang protina na ginagawa ay aatikihin ito ng sarili nating katawan (specifically exosomes) kaya nagkakaroon ngayon ng auto-immune diseases. Perpetual na or forever na ang pag-gawa ng "spike proteins" na ito. Palagi nang susubukan ilabas ng katawan ang mga lason na ito kaya bahing na ng bahing,

ubo na ng ubo, palagi nang may sakit.

Bumaba ba ang mga sakit dahil sa bakuna? Hindi, ayon sa kasaysayan. Ayon sa Annual Summary Of

Vital Statistics: Trends In The Health Of Americans During The 20th Century, Journal Of American Academy Of Pediatrics, December 2000, ay

"Vaccination does not account for the impressive declines in mortality seen in the first half of the century...nearly 90% of the decline in infectious disease mortality among us children occurred before

1940, when few antibiotics or vaccines were available." —

Lahat ng kailangang pruwera ay ilalagay ko sa bibliography. Ngunit muli, gawin ang sariling pananaliksik! Huwag kayo basta maniwala sa mga nakasulat dito sa libro. Meron namang VAERS o Vaccine Adverse Effects Reporting system ngunit 1%-40% lang ang nirereport nito.

Ang epekto ng bakuna ay pwedeng biglaan o dahan dahan. At sa bawat bakunang dadagdag ay papalain

pa nito. Kaya hindi malaman ng iba na galing sa bakuna ang sakit nila ay yung iba ay matagal pa lumalabas ang sintomas. Sinasabi nila na kapag nilagnat ka pagkatapos ng isang turok ibig sabihin gumagana ito. Oo nga gumagana na lasunin ka. Hindi ka naman magkakasakit kung wala kang lason na

nilalabas.

Hindi na nga dapat natin patagalin ang diskusyon dito dahil common sense na ngayon sa karamihan ng

tao na delikado ang bakuna na gawa ng Big pharma. Masyado nang maraming namatay. Lahat ng kinakausap ko ay either in denial o may kakilalang namatay dahil sa bakuna.

Huwag na natin patagalin ang mga lason na ito sa katawan dahil lalala lamang ang kalusugan natin at ng ating mga anak. Kelan ka dapat magdetox? Ngayon na! Kapag sinimulan mo rin ang pagdetox babantayan mo na rin ang pagkain mo, kung ano nilalagay mo sa balat mo, kung anong radiation technology ang nakapaligid sayo, tubig na iniinom mo. TANGGALIN ANG ASUKAL. Numero unang inflammatory sa katawan. OO, KANIN AY ASUKAL. Kaya mo bang bawasan o tigilan ang kanin? Kulturang baluktot! Hypocrite ako pagdating dito minsan dahil sa payat ko at kain lang din ako ng kanin. Pero hindi na tulad ng dati. Not the best role model, pero kayang kaya ko tapusin ang pagkain ng kanin kung may alternatibo na. Kaya simulan na natin ang offgrid communities. Hemp seed na lang ipalit natin. Ititigil mo ba ang mga lason sa buhay mo? Dahil wala naman kwenta ang detox kung ibang pinagmulan ng lason ay hindi mo naman matanggal sa buhay mo. Hindi madaling maging malusog pero mas hindi madaling magkasakit. Karamihan ng ituturo ko na pang-detox ay LIBRE at galing kay inang kalikasan. Simulan na natin ang pagtanggal ng lason.

Tubig

Ang katawan natin ay gawa ng 70-90% water depende sa edad. Kapag umiinom tayo ng maraming tubig mas madaling lumabas ang mga lason na ito. Pero depende sa tubig. Dahil ang mga tubig natin sa gripo ay dumaan sa kilometrong mga tubo, hindi nababantayan ang mga kemikal at lason na naiipon dito. Kung maari ay sa malinis na pinagmulan tayo kumuha o kumuha ng maayos na filter. Pwede rin gumawa ng natural na filtration system gamit ang buhangin, uling, maliliit na bato, graba, at mga halamang humihigop ng lason ang mga ugat. Tubig Dagat, Tubig Ilog. Magbabad sa mga ito. Kung malinis ito, malinis rin ang etheric energy na dumadaloy dito. Ang kasalukuyang covid vaccine ay may Graphene Oxide. Dahil nga pinapababa nito ang energy o frequency ng katawan, ang pagbabad sa tubig ng inang kalikasan ay itataas muli ang enerhiya ng katawan mo at hihigupin palabas ang mababang enerhiya.

Pawis

Maraming tao ngayon ang kulang sa ehersisyo. Ang pagpapawis ay pinalakas na paraan upang lumabas ang mga lason. Kaya mabaho ang kili kili natin o amoy ng pawis dahil sa mga lason na ito. Karamihan rin dahil sa mga beauty products at hygiene products na ginagamit. Babango at gaganda ka nga sa ngayon, ngunit pag tumagal ay naiipon ang mga lason sa loob ng katawan at sa balat.

Pagbabad sa araw ay napakalas na pang-detox. Papawisan ka na bobombahin ka pa ng etheric energy para itaas ang iyong katawan. Hindi ba't nakakasigla magbabad sa araw ng saglit? Kung may pera ka, pwede ka rin mag-sauna! Pilipinas naman tayo sauna na pag lumabas ka.

Essential Oils

Napakaraming essential oils galing sa mga halaman. Dahil sa phospholipid bi-layer ng ating cells. Ang

oils ay mabilis nakakapasok dito. Ang trabaho ng lipid cells at ng oils ay balutan ang mga lason.

Para makalabas ang graphene oxide at ibang heavy metals sa ating katawan, kinakailangan balutan ito. Itambal

mo sa pagpapawis, pagpapa-araw, at pagbabad sa dagat.

Ilan sa essential oils na makakatulong na matatagpuan sa Pilipinas ay galing sa coconut oil, star anise,

blue ternate, pine leaves oil, damong maria, paragis at marami pang iba. Gawin ang sariling pananaliksik

sa labas ng inyong bahay kung anong mga halaman ang makakapagpagamot sainyo.

Orgone Technology

Ang orgone technology ay ginagaya ang kalikasan pagdating sa etheric energy. Pinaghalong organic na

materyal at metal na materyal ay magbibigay ng interaksyon para mapalakas ng ating sariling etheric

energy ng katawan. Dahil ang organic materials tulad ng kahoy o cotton ay nagrereflect ng electrons at

ang metal naman ay nag-bibigay ng electrons. Exponential ang pagtaas ng enerhiya dahil dito.

May simpleng paraan sa bahay para gumawa nito. Kumuha ng cotton o isang ehemplo ay good morning

towel. Tatlong piraso. At dalawang piraso ng aluminum foil na hindi madaling mapunit. Ilatag ang unang

good morning towel, ipatong ang aluminum foil, ipatong ang susunod na good morning towel, isunod ang

pangalawang aluminum foil, at sa pinakataas ay ang huling good morning towel. Parang skyflakes ang

dating. Itahi lahat ng gilid para maging isang makapal na orgone mat ang magagawa mo. Pwede ito ilagay

sa parte ng katawan na nanakit o namamaga. Pwedeng ibalot sa dibdib para gumaan ang paghinga.

Pwedeng upuan o higaan o tapakan.

Kung may pera ka naman ay maraming orgone technology sa internet ngayon. Ito ang gusto kong tutukan

na teknolohiya kasama ang free energy. Kung gusto nyo ng maayos na orgone technology ay pwede ko

rin kayo marekomendahan, mag email lamang sa legitkatipunero@protonmail.com

Andy Cutler Protocol

Ito ay oral chelation protocol. Kinakailangan ng pera para sa doctor na may alam nito. Meron naman

tayong naturopath doctors sa Pilipinas. Matatagpuan ang ang protocol na ito sa

[LivingNetwork.Co.Za](#)

Gerson Institute Protocol

Ito ay gumagamit ng mga natural na pagkain at pamamaraan para magtanggag ng mga lason sa katawan at

pagalingin rin ang sakit na cancer. Mabibisita ito sa [Gerson.Org](#)

Wonder Drugs

Hydroxychloroquine, Chlorine Dioxide, Ivermectin. Ang pinaka pagkakapareho ng kanilang galaw ay

nagtatanggag ng lason sa mga cells natin. Kung may pera ka ay napakaganda kung meron ka nito.

Pag-aralan ng maayos ang dosaging at depende sa sakit. Hindi naman ako doktor. Bigyan nyo naman ng

kapangyarihan ang sarili nyo magsaliksik. Hindi ko na isiksik ang dosaging dito.

Medical Beds

Hindi pa ito available sa masa ngunit marami na akong makitang modelo nito. Gumagamit ito ng Quantum Technology. Ang sinasabi ng iba na hindi mababaliktad ang DNA damage, sa aking

palagay

itong teknolohiya nito ang may kaya. Epigenetics. Ayusin mo ang consciousness ng isang tao at kaya

mong mabaga ang genetic health nito. Alam nyo yung Elysium na palabas? Parang ganun. Pero hindi lang

para sa elitista, kundi para sa masa rin pagdating ng panahon.

Hindi lang heavy metal detox at vaccine damage ang kayang pagalingin ng mga protocol na ito kundi

kabuohan ng ating kalusugan. Cancer? Diabetes? Heart problems? Kapag sinunod mo ang mga ito, laos

na ang sakit! May you pay it forward and spread the helpful messages for those who need it.

At kapag nasimulan na natin ang off-grid communities, hindi na rin natin kakailanganin ng mga ospital.

Dahil lahat ng gamot ay nandoon na, nakatanim at pipitasin na lang.

Revision #1

Created 1 June 2025 07:57:53 by MaharlikanWatchman

Updated 1 June 2025 07:58:17 by MaharlikanWatchman